



Pampublikong Kautusan ng Glendale Bilang 2020-06

Sa Ilalim ng Pang-Emerhensiyang Awtoridad ng Lungsod ng Glendale

Petsa ng Paglathala: Abril 8, 2020

Mga Panukala ng Lungsod Pagtugon sa COVID-19 (Residensyal na Pagpapaalis)

Samantalang, ang internasyonal, pambansa, estado, at lokal na awtoridad sa kalusugan at pampamahalaang awtoridad ay tumutugon sa palago ng sakit sa paghinga na sanhi ng Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang matinding sakit sa paghinga na sanhi ng novel (bagong) coronavirus. Kabilang sa mga sintomas ng virus ay lagnat, ubo, at kapos ang paghinga, at ang mga nahawang indibidwal ay nakakaranas ng iba't ibang pakiramdam, mula sa banayad hanggang sa malubhang pagkakasakit at kamatayan; at

Samantalang, noong Marso 4, 2020, ang Gobernador ng Estado ng California ay nag-deklara ng "state of emergency" upang makapaglagay ng mga karagdagang resources, ipagtibay ang mga aksyong pang-emerhensiya na isinasaayos sa maraming mga ahensya at kagawaran ng estado, at tulungan ang Estado na maghanda para sa mas malawakang pagkalat ng COVID-19; at

Samantalang, noong Marso 13, 2020, idineklara ng Pangulo ng Estados Unidos ng Amerika ang pambansang emerhensiya at inihayag na ang pamahalaang pederal ay magkakaroon ng pondong pang-emerhensiya na gagamitin sa pagtulong sa mga pang-estado at lokal na pamahalaan sa pagpigil sa pagkalat at pagtugon sa mga epekto ng COVID-19; at

Samantalang, noong Marso 16, 2020, ang Konseho ng Lungsod ng Glendale, alinsunod sa Glendale Municipal Code Kabanata 2.84, ay nagpahayag ng pagkakaroon ng lokal na emerhensiya at iniutos ang pagsasara at paglilimita sa pagpasok sa ilang mga pampublikong establisimiyento; at

Samantalang, noong Marso 16, 2020, sa Executive Order N-28-20, sinuspinde ng Gobernador ang anumang probisyon ng batas ng estado na sa panahon ng lokal na emerhensiyang ito ay hahadlang sa paggamit ng lokal na pamahalaan ng kapangyarihang pangpulisyang upang magpataw ng malaking limitasyon sa tirahan o komersyal na pagpapa-alis kapag ang batayan para sa pagpapa-aalis ay ang hindi pagbabayad ng upa o pagpapasara dahil sa mga pangyayaring kaugnay ng COVID-19. Mahalaga at kritikal sa mga tao ang magkaroon ng tirahan at makagamit ng dumadaloy na tubig upang mapalawig ang kakayahan ng ating mga residente na sumunod sa mga pampublikong panuntunan sa kalusugan; at

Samantalang, noong Marso 18, 2020, ang City Manager, sa kanyang tungkulin bilang Direktor ng Serbisyong Pang-Emerhensiya ay naglabas ng Glendale Emergency Order No 2020-03, na naglalagay ng pansamantalang moratorium sa mga pagpapaalis dahil sa hindi pagbabayad ng upa ng kapwa residensyal at komersyal na mga nangungupahan, at ang

kautusang ito ay pinagtibay ng Konseho ng Lungsod noong Marso 24, 2020; at

Samantalang, noong Marso 27, 2020, sa Executive Order N-37-20, pinagtibay ng Gobernador ang mga karagdagang proteksyon para sa mga nangungupahang residensyal na nagpapahintulot sa pagpapaliban sa pagbabayad ng upa sa mga kadahilanang kaugnay ng COVID-19 at karagdagang panahon sa pagtugon sa “unlawful detainer complaint;” at

Samantalang noong Abril 6, 2020, ipinagtibay ng California Judicial Council ang Emergency Rules na may karagdagang tuntunin sa pamamahala ng “unlawful detainer process;”

Ngayon, sa pamamagitan ng kapangyarihang ibinigay alinsunod sa Chapter 2.84 ng Glendale Municipal Code, ang Director of Emergency Services ay naglalabas ng mga sumusunod na kautusan, epektibo sa 11:59 ngayong gabi, hanggang sa 12:00 ng hapon ng Mayo 31, 2020, na:

Seksyon 1. Ang Public Order No. 2020-03 ng Direktor ng Pang-Emerhenisyang Serbisyo ng Lungsod ng Glendale ay binabago at pinapalawig at sasailalim sa pagsunod sa Executive Order No. N-37-20, (na may kaugnayan sa mga residensyal na pagpapaalis), na may petsang Marso 27, 2020, at ang California Judicial Council Emergency Rule 1, (kaugnayan ng unlawful detainers), na may petsang Abril 6, 2020, na nagsasabing:

- a. Kaugnay sa Executive Order na inilabas ng Gobernador ng Estado ng California hinggil sa pagpapaalis o eviction:
 1. Ang deadline na nakasaad sa Code of Civil Procedure seksyon 1167 ay pinahahaba ng 60 araw para sa mga nangungupahang napadalhan na, habang ang Executive Order ay epektibo, ng reklamong nagpapaalis sa nangungupahan mula sa tirahan o dwelling yunit dahil sa hindi pagbabayad ng renta;
 2. Ipagbibigay alam ng nangungupahan sa nagpapaupa sa pamamagitan ng sulat bago ang araw kung kailan kailangang bayaran ang renta, o sa loob ng lalong madaling panahon matapos ito ngunit hindi hihigit sa 7 araw, na ang nangungupahan ay nangangailangang magpaliban ng buo o bahagi ng renta dahil sa walang kakayahang magbayad ng buong babayaran dahil sa dahilang kaugnay ng COVID-19;
 3. Ang nangungupahan ay may nakasulat na mga dokumentasyon, gaya ng paunawa ng terminasyon, tseke ng sahod, pay stubs, statement ng banko, medikal na bill, o nilagdaang mga sulat o kasulatan mula sa pinagtatrabahuhan o sa superbisor na nagpapaliwanag ng pagbabago sa pinansyal na sitwasyon ng nangungupahan, na magpapatunay na wala siyang kakayanang magbayad ng upa. Ang mga dokumentong ito ay maaaring ibigay sa nagpapaupa ng hindi lalagpas sa araw kung kailan babayaran ang back-due na renta.
- b. Kaugnay ng Emergency Order na inilabas ng California Judicial Council tungkol sa pagpapaalis:
 1. Hindi maaaring mag-file ng unlawful detainer maliban na lamang kung, sa diskresyon ng hukuman at ayon sa record, ang aksyon ay

kinakailangan upang protektahan ang pampublikong kalusugan at kaligtasan;

- 2. Ang panuntunang ito ay mananatiling epektibo hanggang 90 araw matapos ideklara ng Gobernador na ang "state of emergency" na nauugnay sa COVID-19 pandemic ay inalis na o hanggang baguhin o bawiin ng Judicial Council.

Seksyon 2. Wala sa Kautusang ito ang magpipigil sa isang nangungupahang may kakayanang magbayad ng buo o parte ng upa na dapat nang bayaran na bayaran ito sa napapanahong paraan o alisan ang isang nangungupahan ng pananagutan sa pagbabayad ng upa. Ang Pampublikong Kautusang ito ay nag-aamenda sa mga naunang kautusan at pinapalawig ang panahon para sa mga nangungupahan para bayaran ang anumang "back due" na renta ng labing dalawang buwan matapos ang pagtatapos ng lokal na emergency.

Seksyon 3. Maaaring gamitin ng mga nangungupahan ang subseksiyong ito bilang depensa sa isang labag-sa-batas na detainer na aksyon.

Seksyon 4. Pinalalawig rin ang pagbabawal sa isang nagpapaupa na maningil o mangolekta ng late charges, multa, o interes sa hindi bayad na renta, o gumawa ng anumang hakbang upang mang-harass sa pagtatangkang makolekta ang ipinagpalibang renta, kung ang bayad sa renta ay naantala sa panahon na ang Pampublikong Kautusang ito ay epektibo.


Seksyon 5. Anumang paglabag sa Pampublikong Kautusan sa itaas ay maaaring isangguni sa Office of the City Attorney para sa prosekusyon sa ilalim ng Glendale Municipal Code Chapter 1.20, na nagsasaad ng ipapataw na multa na hindi hihigit sa \$1,000 o pagkakulong na hindi hihigit sa anim na buwan. Ang bawat opisyal ay dapat gumamit ng sariling diskresyon sa pagpapatupad ng kautusang ito na may laging pagsasaalang-alang sa hinahangad na kaayusan. Ang mga paglabag ay sasailalim sa mga probisyon ng Glendale Municipal Code Chapter 1.24, na nagsasaad, kasama ang ibang mekanismo upang ipatupad na nasasaad sa loob nito, ang mga multang \$400 para sa unang paglabag o citation, \$1,000 sa ikalawa, at \$2,000 sa ikatlong paglabag.

Seksyon 6. Ang kautusang ito ay maaaring pahabain bago sa Mayo 31, 2020.

Ika- 8 araw ng Abril, 2020

5:27 P.M.

Oras: _____

Ni: 

Approved as to Form:
MICHAEL J. GARCIA, CITY
ATTORNEY

Michael J. Garcia

By:

City Attorney

Title

April 8, 2020

Date: _____